



Oktubre
2021

Paglalakbay o pagbalik sa Australia

Impormasyon sa biosecurity para sa mga manlalakbay



Mahigpit ang mga batas sa biosecurity ng Australia. Ito ay upang protektahan ang agrikultura at natatanging kapaligiran at wildlife ng Australia mula sa mga peste at sakit.

Bago ka makarating sa Australia

Kumpletuhin ang iyong deklarasyon ng paparating na pasahero. Alinsunod sa batas, dapat mong ideklara ang anumang mapanganib na produkto, kabilang ang ilang partikular na pagkain, materyal ng halaman at produktong galing sa hayop. Kabilang dito ang mga produkto na pangkomersyo ang pagkakahanda at pagkakabalot, sariwa, pinatuyo, niluto, pinagyelo o kaunting pagkain, meryenda at mga sangkap para sa pagluluto.

Huwag dalhin ang pagkain mula sa eroplano o barko.

Pagdating mo sa Australia

- Magtungo sa lugar para sa clearance sa imigrasyon.
- Kunin ang iyong bagahe.
- Magtungo sa lugar para sa pag-inspeksyon para sa biosecurity at ibigay sa biosecurity officer ang iyong deklarasyon ng paparating na pasahero at ang mga produktong idinedeklara mo.
- Maaaring suriin ang iyong mga bag ng biosecurity officer, ng detector dog o sa pamamagitan ng X-ray, kahit na hindi ka magdeklara ng anumang mapanganib na produkto.

Ano ang mangyayari kung hindi mo idedeklara ang mga mapanganib na produkto

Kung magbibigay ka ng mali o mapanlinlang na impormasyon sa isang biosecurity officer o sa iyong deklarasyon ng paparating na pasahero o kung hindi mo masasagot ang mga tanong tungkol sa mga produkto o hindi ka makakasunod sa mga direksyong ibibigay ng biosecurity officer, maaari kang:

- mabigyan ng abiso sa paglabag na tumutukoy sa halaga ng multa na nagkakahalaga ng A\$2,664
- isailalim sa mga pagdinig para sa parusang sibil, at/o
- litisin para sa kriminal na kasalanan. Kung mahahatulang nagkasala, maaari kang patawan ng pinakamalaking multa na A\$1.1 milyon at /o makulong ng hanggang 10 taon.

Maaari ding makansela ang iyong visa at, kung mangyayari iyon, hindi ka pahihintulatang pumasok sa Australia.

Hindi ka parurusahan sa ilalim ng *Biosecurity Act 2015* kung idedeklara at ipapakita mo ang lahat ng produkto, kahit na hindi pinapayagan ang mga ito sa Australia.

Paano aalamin kung maaaring dalhin ang mga produkto sa Australia

Bisitahin ang awe.gov.au/bringing-goods.

Para sa mga partikular na kundisyon sa pag-angkat o kinakailangan sa dokumentasyon, bisitahin ang Biosecurity Import Conditions system (BICON) sa awe.gov.au/bicon. Kung kailangan mo ng permit sa pag-angkat, dapat kang mag-apply at dapat mo itong matanggap bago mo dalhin ang mga produkto sa Australia.

Kung hindi ka sigurado, huwag magdala ng mga produktong pagkain, materyal ng halaman at produktong galing sa hayop.

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa **1800 900 090** o mag-email sa imports@awe.gov.au.

Ano ang dapat gawin kung may malaman kang panganib sa biosecurity pagkarating mo

Kung may makita kang mga buhay na hayop, insekto, lupa, materyal ng halaman o iba pang mapanganib na mga bagay habang nag-aalis ng mga laman ng maleta, tumawag sa **1800 798 636**. Hindi ka mapaparusahan.

Ano ang mangyayari sa mga produktong idedeklara mo

I-inspeksyunin ng biosecurity officer ang iyong mga ipapakitang produkto at maaaring hingian ka ng higit pang impormasyon o dokumentasyon.

Kung pinahihintulutan at makakapasa sa inspeksyon ang mga produkto, ibabalik ang mga ito sa iyo. Kung hindi makakapasa sa inspeksyon ang mga produkto, maaaring kailanganin mong magbayad para ipagamot ang mga produkto, i-luwas ito mula sa Australia o sirain ito. Papayuhan ka ng biosecurity officer.

Dapat mong ideklara ang ilang partikular na pagkain, materyal ng halaman at produktong galing sa hayop. Narito ang ilang halimbawa, ngunit tandaan na kung hindi ka sigurado, ideklara lang ito!

Mga produktong gawa sa gatas at itlog

- pulbos na gatas pangsanggol
- keso, gatas at yoghurt
- mga buo, tuyo at pinulbos na itlog
- mayonnaise
- pansit at pasta

Materyal ng halaman

- mga buhay na halaman
- mga binhi, bulb at cutting
- mga sariwa at pinatuyong bulaklak
- mga craft at dekorasyon
- mga produktong gawa sa kahoy

Pagkain

- pagkain mula sa eroplano o barko
- hilaw at lutong pagkain at mga sangkap
- bigas
- mga nakabalot na kakanin
- pulot
- mga halamang-damo at panimpla, kabilang ang mga halamang-damong tsaat gamot

Prutas at mga gulay

- sariwa at pinagyelo
- nakapreserba at pinatuyo

Mga produktong karne, poultry at pagkaing-dagat

- sariwa, pinatuyo, pinagyelo, luto, pinausukan, inasinan o nakapreserba

Pagkain at kagamitan para sa mga hayop

- pagkain at mga papremyong pagkain para sa alagang hayop
- gamot
- mga saddle
- kagamitan para sa beterinarya, grooming, shearing at beekeeping

Mga buhay na hayop at produktong galing sa hayop

- mga itlog at pugad
- mga balahibo ng ibon, buto, sungay, balat, fur at buhok ng hayop
- mga stuffed na hayop at ibon
- mga shell at coral
- beeswax at iba pang produkto mula sa pukyutan

Mga nut, buto, bean at grain

Kagamitan at pangsapatos para sa outdoor, camping at sports

- boots na pang-hiking
- kagamitan sa pangingisda
- anumang bagay na maaaring kontaminado ng lupa, mga binhi o tubig

Iba pang produkto

Ang mga sumusunod na produkto ay walang banta sa biosecurity:

- mga alak na inumin at sigarilyo
- electronico na kagamitan (kabilang ang mga laptop, tablet, telepono at camera)
- mga may halagang bagay (kabilang ang alahas, mga relo at currency).

Ang mga inaangkat na ito ay kinokontrol ng Department of Home Affairs at maaaring kailanganin nilang inspeksyunin at i-clear ang mga produktong ito bago i-release ang mga ito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-clear ng mga produktong ito sa hangganan at sa buwis sa pag-angkat at mga buwis, bisitahin ang homeaffairs.gov.au.

Para sa mga over-the-counter o inireresetang gamot at iba pang therapeutic na produkto, alamin sa Nangangasiwa ng Mga Therapeutic na Produkto sa tga.gov.au.

Para sa impormasyon sa pagdadala ng species ng halaman at hayop na nakalista sa ilalim ng Convention on International Trade and Endangered Species of Wild Fauna and Flora (CITES), kabilang ang palikpik ng pating, balat ng ahas, ivory, shell ng pagong at mga hindi karaniwang orchid, pumunta sa awe.gov.au/biosecurity-trade/wildlife-trade/non-commercial.



Tumawag sa 1800 900 090 o sa +61 3 8318 6700 (mula sa labas ng Australia)

© Commonwealth of Australia 2021.
Ang impormasyon sa factsheet na ito ay wasto sa oras ng paglathala.
Maaaring magbago nang walang abiso ang mga kundisyon sa pag-angkat na kaugnay ng biosecurity.



awe.gov.au/travelling

Facebook: Australian Biosecurity

Twitter: @DeptAgNews